Australian Government
Department of Home Affairs

Mahalagang impormasyon hinggil sa Protection visa

Ang impormasyong ito ay makukuha sa ibang mga wika. Tingnan Australia's protection obligations (homeaffairs.gov.au)

Mga Protection visa (Bisang Pagkalinga)

Ang mga protection visa ay para sa mga tao (o mga miyembro ng kanilang pamilya) na nahaharap sa tunay na panganib ng malubhang kapahamakan kung sila ay uuwi o may malaking posibilidad ng pag-uusig dahil sa:

- lahi
- relihiyon
- nasyonalidad
- kasapi sa isang partikular na grupong panlipunan o
- opinyong pulitikal.

Kung nag-aaplay ka para sa Protection visa, humihingi ka ng asylum sa Australya mula sa iyong sariling bansa.

Ang Protection visa ay hindi para sa mga taong nais lamang manatili nang matagal sa Australya para magtrabaho.

Kung nag-aaplay ka para sa Protection visa, ipinapahayag mong totoo ang isa o pareho sa mga sumusunod:

- Hindi ka makakauwi sa iyong bansa nang hindi nahaharap sa tunay na panganib ng malubhang kapahamakan o malaking posibilidad ng pag-uusig.
- Ikaw ay isang miyembro ng pamilya ng isang tao na gumawa ng mga ganitong pahayag.

Hindi ka pagkakalooban ng Protection visa kung makakapasok ka nang legal at maaaring tumira nang ligtas sa ibang bansa (maliban sa iyong sariling bansa), kung saan hindi ka nahaharap sa tunay na panganib ng malubhang kapahamakan o malaking posibilidad ng pag-uusig, at ang bansang iyon ay hindi ka pababalikin sa ibang bansa kung saan ikaw ay nahaharap sa tunay na panganib ng malubhang kapahamakan o malaking posibilidad ng pag-uusig. Dapat ka lamang mag-apply para sa Protection visa kung ikaw ay **talagang nangangailangan ng asylum** sa Australya.

Maaaring mayroong ibang mga visa (bisa) na mas aangkop sa iyo at sa iyong kalagayan. Alamin ang tungkol sa ibang mga visa sa Explore visa options (homeaffairs.gov.au).

Ano ang mangyayari kung tinanggihan ang iyong aplikasyon para sa Protection visa?

Kung tinanggihan ka ng Protection visa, hindi ka makakapag-aplay para sa karamihan ng ibang mga visa at kailangan mong umalis sa Australya kung wala kang balidong visa. Kung wala kang balidong visa, maaari kang makulong at paalisin sa Australya.

Kung ikaw ay na-detain at pinaalis sa Australya, maaaring kailanganin mong bayaran ang mga gastos sa iyong pagpapaalis. Maaaring magkahalaga ito ng libu-libong dolyar.

Ang Protection visa na tinanggihan ay habambuhay na mananatili sa iyong rekord sa imigrasyon. Maaari rin nitong gawing mas mahirap para sa iyo at sa iyong pamilya na makabisita sa Australya sa hinaharap. Ang tinanggihang Protection visa ay maaaring makaapekto sa iyong mga hinaharap na aplikasyon ng visa sa ibang mga bansa sa labas ng Australya, depende sa uri ng visa na iyong aaplayan.

Ang mga responsibilidad mo kung naghahabol ka ng proteksyon

Nasa iyo ang responsibilidad na magbigay ng mga detalye ng iyong pahayag para sa proteksyon at mga suportang ebidensya bago makapagdesisyon ang Department of Home Affairs.

Dapat mong malinaw na ipaliwanag kung bakit kailangan mo ng proteksyon sa Australya at magbigay sa Department ng kumpleto at tumpak na impormasyon sa lalong madaling panahon.

Kapag magsusumite ng aplikasyon para sa Protection visa, responsibilidad mong siguruhin na lahat ng impormasyong ibinigay mo ay totoo at tama, kahit na ibang tao ang nagkumpleto at nagsumite ng aplikasyon para sa iyo.

Hindi mo dapat hayaan ang sinuman na mag-aplay ng Protection visa para sa iyo nang hindi mo nauunawaan kung ano ang inaaplayan at anong mga impormasyon ang inilagay sa aplikasyon.

Ikaw ang may responsibilidad na tiyakin na nag-aplay ka para sa tamang uri ng visa at sumusunod sa mga kondisyon ng iyong visa, kahit na gumagamit ka ng Australian registered migration agent o Australian legal practitioner.

Ang mga rehistradong ahente ng migrasyon ay nakalista sa website ng Department of Home Affairs. Sundin ang mga steps to choose a migration agent (mara.gov.au).

Mga parusa sa mga maling paghahabol (claim)

Kapag nag-aaplay para sa Protection visa, ang mga aplikante ay dapat gumawa ng isang deklarasyon.

Ang pagbigay ng mali o mapanlinlang na impormasyon ay seryosong pagkakasala sa Australya at maaari kang humarap sa mga parusang kriminal.

Ang taong magbibigay ng mali o mapanlinlang na impormasyon sa aplikasyon para sa visa ay maaaring pagmultahin nang malaki, patawan ng 10 taong pagkakakulong o pareho.

Kung matutuklasan na nagbigay ka ng mali o mapanlinlang na impormasyon pagkatapos na maibigay ang iyong visa, maaaring kanselahin ang iyong Protection visa.

May makukuhang libreng legal na payo

Bago ka mag-aplay para sa Protection visa, mariin kang hinihimok na humingi ng free legal advice mula sa isang espesyalistang tagapagbigay (provider) ng legal na serbisyo sa mga refugee at imigrasyon sa iyong estado o teritoryo.

Matutulungan ka ng mga tagapagbigay (providers) na ito:

- alamin kung ikaw ay marapat para sa Protection visa o iba pang mas angkop na visa
- alamin ang proseso ng aplikasyon
- alamin ang mga implikasyon ng tinanggihang Protection visa
- kumpletuhin at isumite ang aplikasyon para sa Protection visa kung kinakailangan.

Maaari ka ring makakuha ng libreng legal na tulong mula sa legal aid o isang community legal centre sa iyong estado o teritoryo.